## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Naniniwala ka ba sa Diyos? Paano mo Siya sinasamba o pinapupurihan? Ano ang iyong relihiyon? Ikaw ba'y Katoliko Romano, Muslim, Protestante o Iglesia Ni Cristo? Naisip mo na ba kung bakit mayroon tayong iba't ibang relihiyon? Anu-ano ang mga kaibahan at pagkakapareho ng mga relihiyong ito?

Mayroon ka bang kakilala (isang kaibigan o kamag-anak) na nabibilang sa isa pang relihiyon? Paano nag-iiba ang kanyang paniniwala sa iyong paniniwala? Iginagalang mo ba ang kanyang mga paniniwala?

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa mga pangunahing relihiyon sa Pilipinas. Nilalayon nitong maunawaan at maipakita ang paggalang sa paniniwalang panrelihiyon ng ibang tao.

Nahahati sa dalawang aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Mga Pangunahing Relihiyon sa Pilipinas*

Aralin 2 – *Igalang ang Paniniwalang Panrelihiyon ng Ibang Tao*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- tukuyin ang ilang pangunahing relihiyon sa Pilipinas; at
- ipakita ang paggalang sa iba't ibang relihiyon.



## Anu-ano na ang Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aralan ang modyul na ito, sagutin mo muna ang pagsusulit na ito upang malaman kung ano na ang alam mo tungkol sa paksa.

A. Bilugan ang titik ng tamang na sagot.

1. Ang karamihan sa kasapi ng relihiyong ito ay naniniwala na ang Diyos Ama, si Hesukristo at ang Espiritu Santo ay iisa.

   a. Kristiyanismo
   b. Islam
   c. Judaismo

2. Ang relihiyong ito ang pangalawang pinakamalaking relihiyon sa mundo.

   a. Katoliko Romano
   b. Islam
   c. Iglesia Ni Cristo

3. Ang __________ ay pagpapahayag ng paniniwala ng tao sa isang makapangyarihang nilalang.

   a. relihiyon
   b. alitang panrelihiyon
   c. banal na aklat

4. Ang relihiyong ito ang pinakamalaking relihiyon sa Pilipinas.

   a. Iglesia Ni Cristo
   b. *Seventh-day Adventist* o Sabadista
   c. Katoliko Romano

5. Ang banal na aklat ng mga Kristiyano ay tinatawag na __________.

   a. Bibliya
   b. Koran
   c. Limang Haligi ng Islam

6. Itinatag ang sektang Protestante noong panahon ng __________.

   a. Renasimiyento
   b. Repormasyon
   c. panahon ng bato

7. Ang banal na aklat ng Islam ay tinatawag na __________

   a. Koran
   b. Bibliya
   c. Shahadah

Tama ba ang lahat ng iyong sagot? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 35.

Kung tama lahat ng iyong sagot, napakagaling! Ito ay nagpapakita na marami ka ng nalalaman tungkol sa paksa. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang mapagbalik-aralan ang iyong mga nalalaman. Maaari mo pa ring matutuhan ang ilang mga bagay.

Kung mababa ang iyong marka, huwag mag-alala. Ang ibig sabihin nito ay para sa iyo ang modyul na ito. Makatutulong ito sa iyo na maunawaan ang mga mahahalagang konsepto na maaari mong magamit sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung maingat mong pag-aaralan ang modyul na ito, malalaman mo ang mga sagot sa pagsubok at marami pang iba! Handa ka na ba?

Buklatin ang susunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.

# ARALIN 1

# Mga Pangunahing Relihiyon sa Pilipinas

Maraming relihiyon sa ating bansa. Pamilyar ka ba sa mga ito? May mga sari-sariling katipunan ng paniniwala at aral ang mga relihiyong ito.


Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa mga iba't ibang panrelihiyong paniniwala at mga aral nito. Matutuklasan mo rin na ang ilang relihiyon ay magkatulad sa ilang bagay.





## Subukan Natin Ito

Gaano mo kakilala ang iyong relihiyon at ang iba pang relihiyon? Tuklasin natin.


Pag-aralang mabuti ang mga larawan. Pamilyar ka ba sa mga sumusunod na simbolo at mga sagradong bagay? Anong pangunahing relihiyon ang kinakatawan ng bawat isa sa mga ito? Isulat ang **K** kung nagmula ito sa mga Kristiyano, **I** kung sa Islam o mga Muslim at **O** para sa ibang relihiyon tulad ng Buddhismo, Hinduismo, Judaismo, atbp.






1. ______________________________ 2. ______________________________ 3. ______________________________






4. ______________________________ 5. ______________________________ 6. ______________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35 hanggang 36.




## Pag-isipan Natin Ito

Nahirapan ka bang tukuyin ang mga simbolo at bagay? Alin-alin ang mga ginagamit ng iyong relihiyon?

Ano ang iyong relihiyon? Anu-ano ang mga paniniwala at aral ng iyong relihiyon? Pamilyar ka ba sa mga paniniwala at aral ng ibang relihiyon?

Talakayin ang mga sagot mo sa iyong kamag-aral at *Instructional Manager.*



## Alamin Natin


Ano ang isang relihiyon? Ang **relihiyon** ay ang pagpapahayag ng isang tao ng kanyang paniniwala sa isang makapangyarihang nilalang (Diyos). Anu-ano ang mga relihiyon ng mga Pilipino? Karamihan sa mga Pilipino ay Kristiyano. Kilala ang Pilipinas bilang nag-iisang Kristiyanong bansa sa Asya. Subalit mayroon ding iba pang mga relihiyon sa ating bansa. Ang sumusunod ay ang pagkakahati-hati ng bilang ng iba't ibang relihiyon sa ating bansa:


Katoliko Romano – 83%
Protestante – 9%
Muslim – 5%
Buddhista at iba pa – 3%


Nais mo bang malaman ang mga paniniwala at aral ng iba't ibang relihiyon sa Pilipinas? Basahin ang komik istrip sa ibaba upang matuklasan mo ang mga ito.

## Basahin Natin Ito




Ang mga Kristiyano ay may banal na aklat, ang **Bibliya**. May dalawang bahagi ito. Ang Lumang Tipan ay binubuo ng mga sagradong (banal) sulatin ng mga Hudyo. Isinulat ito bago dumating ang panahon ni Hesus.
OLD TESTAMENT
NEW TESTAMENT
Ang Bagong Tipan ay naglalaman ng mga Ebanghelyo, na nangangahulugang "mabuting balita." Naglalaman ito ng mga kwento tungkol sa buhay at karunungan ni Hesus.


Ang Kristiyanismo ay nahahati sa maraming sekta o grupo. Ang **Katoliko Romano** ang pinakamalaki sa mga ito. Isa akong Katoliko Romano. Ang Papa ang pinuno ng simbahang Katoliko. Tinatawag kaming Katoliko Romano sapagkat ang Papa ay nanirahan sa Roma nang halos limang daang taon.
Kilala mo ba kung sino ang kasalukuyang Papa? Kung sinabi mong si Papa Juan Pablo II, tama ka.



Bilang isang Katoliko, naniniwala ako sa Banal na Sangtatlo–na ang Ama, ang Anak (Hesukristo) at ang Espiritu Santo ay iisa.
Tinatawag na **misa** ang aming serbisyong panrelihiyon. Ang nagmimisa ay tinatawag na **pari**. Sa pagkokomunyon (isang bahagi ng misa), tinatanggap namin ang "Banal na Eukaristiya" na sumasagisag sa dugo at katawan ni Hesukristo.
Kaming mga Katoliko ay tumutulong sa simbahan sa pamamagitan ng pag-aabuloy bago, habang o pagkatapos ng misa. Ginagamit ang perang ito upang suportahan ang mga gawain ng simbahan. Ang ibang bahagi nito ay napupunta sa mahihirap.
Hinihikayat din kami ng aming simbahan na mag-abuloy para sa kawanggawa. Sa ating bansa, mayroon kaming organisasyong pangkawanggawa na pinatatakbo ng simbahang Katoliko upang tumulong sa mga kapuspalad. Tinatawag itong **CARITAS**. Ito ay salitang Latin na nangangahulugang kawanggawa o pagmamahal ng Kristiyano.



## Subukan Natin Ito

Bago mo ipagpatuloy ang pagbabasa ng komik istrip, sagutin mo ito: Alam mo ba ang mga sagradong sakramento sa buhay ng isang Katoliko? Isulat ang mga ito sa ibaba.

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________________

Ihambing ang mga sagot mo sa mga ito:

Sinusunod ng mga Katoliko ang mga sagradong okasyon na kilala bilang mga **sakramento**. Ito ang mga sumusunod:

1. Pagbibinyag (Ang isang Katoliko ay sumasapi sa simbahan. Ginagawa ito pagkaraang ipanganak ang sanggol.)

2. Pagkokomunyon (Tinatanggap ng isang Katoliko ang Banal na Eukaristiya.)

3. Pagkukumpil (Pinagtitibay ng isang Katoliko ang kanyang pananampalataya.)

4. Pagkukumpisal (Ikinukumpisal ng isang Katoliko ang kanyang mga kasalanan.)

5. Pag-oorden (Nagpapari o nagmamadre ang isang Katoliko.)


6. Pagpapakasal (Nagpapakasal ang isang Katoliko.)


7. Pagpapahid ng Santo Oleo sa Maysakit (Pinapahiran ng pari ng Santo Oleo sa noo ang isang katolikong may sakit at ipinapanalangin na gumaling siya sa kanyang sakit.)

Anu-ano ang ibang sekta sa ilalim ng Kristiyanismo? Ipagpatuloy ang pagbabasa ng komik istrip upang matuklasan mo.

## Basahin Natin Ito

Ang ibang sektang kabilang sa Kristiyanismo ay Protestantismo, Iglesia Ni Cristo at iba pa.








## Pag-isipan Natin Ito

Paghambingin ang mga Katoliko Romano at ang mga Protestante. Paano sila nagkakaiba at nagkakapareho? Pag-isipang mabuti ang iyong sagot. Pagkatapos, ihambing ito sa mga sagot ko sa ibaba.

Narito ang aking mga sagot:

Magkapareho ang mga Katoliko Romano at ang mga Protestante sa ilang paniniwala:


- Kapwa sila naniniwala sa Santisima Trinidad; na ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo ay iisa.
- Kapwa sila naniniwala sa mga aral ni Hesukristo na nasusulat sa Bibliya.
- Nagsisimba ang mga Katoliko sa isang simbahan. Ang isang pari ang siyang nagmimisa.


- Nagtutungo ang mga Protestante sa isang serbisyong panrelihiyon na pinamumunuan ng isang pastor o ministro. May mga babaeng pastor ang mga Protestante na pinapayagang mamuno sa isang serbisyong panrelihiyon. Sa Simbahang Katoliko, mga lalaki lamang ang pinapayagang magpari.

May alam ka pa bang pagkakapareho o pagkakaiba ng dalawang relihiyon? Talakayin ang iyong mga sagot sa mga kapwa mo mag-aral at *Instructional Manager.*

Ang Iglesia Ni Cristo ay isa pang sekta o grupong Kristiyano. Ipagpatuloy ang pagbabasa ng komik istrip upang higit pang matuto tungkol sa relihiyong ito.

## Basahin Natin Ito






## Magbalik-aral Tayo

Paghambing-hambingin ang tatlong grupong Kristiyano sa pamamagitan ng paglalagay ng isang (4) kung isinasagawa nila ang paniniwala o aral na ipinahayag sa kaliwang hanay. Maglagay ng (8) kung hindi.

| | Katoliko Roman |
|---|---|
| 1. Paniniwala kay Hesukristo at sa kanyang mga aral | |
| 2. Ang Bibliya ay itinuturing na banal na aklat | |
| 3. Paniniwala sa Banal na Sangtatlo | |
| 4. Mga babaeng pari | |
| 5. May mga serbisyong panrelihiyon | |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36.





## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Pag-aralang mabuti ang mga larawan. Tukuyin ang ipinapakita sa mga larawang ito. Piliin ang iyong sagot mula sa talaan ng mga salita sa ibaba at isulat sa patlang na nakalaan.

| | | |
|---|---|---|
| Hajj | Mosque | Salat |









1. ______________________________  2. ________________________________  6.______________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa susunod nating talakayan.

Anu-ano ang gawaing ipinakita sa larawan? Sino ang nagsasagawa ng mga ito? Ipagpatuloy ang pagbabasa ng komik istrip sa susunod na pahina.

## Basahin Natin Ito







May mga tungkuling dapat isagawa ang isang Muslim. Ang mga tungkuling ito ay tinatawag na Limang Haligi ng Islam. Ang mga ito ay:

1. Pagbigkas sa **shahadah**. Ang shahadah ay isang pahayag ng paniniwala ng Muslim.




2. Isagawa ang **salat** limang beses sa isang araw. Kapag nagdarasal, ang isang Muslim ay nakaharap sa Mecca. Sagrado sa mga Muslim ang Mecca. Dito isinilang si Mohammed. Nagpupunta ang mga Muslim sa Mecca para sa perigrinasyon. Ang perigrinasyon ay paglalakbay sa isang banal na lugar.




3. Ang isang Muslim ay kailangang magbigay nang regular sa kawanggawa sa pamamagitan ng **zakat**. Ito ay katumbas ng dalawa't kalahating porsyento ng sahod ng isang Muslim.




4. Kailangang mangilin ang isang Muslim sa buwan ng **Ramadan**. Sa buwang ito, hindi dapat kumain o uminom sa araw ang isang Muslim. Naniniwala ang mga Muslim na sa buwang ito tinanggap ni Mohammed ang unang paghahayag ng Koran mula sa Diyos.



5. Kailangang magsagawa ng kahit isa man lamang na **hajj** o paglalakbay sa **Kaa'ba** sa Mecca ang isang Muslim. Ito ay nangangahulugan na dapat maglakbay sa Mecca ang isang Muslim kung makakaya niya.










## Magbalik-aral Tayo

Isulat ang **T** kung tama ang pahayag at **M** kung mali.

______ 1. Ang mga tagasunod ng Islam ay tinatawag na Muslim.


______ 2. Ang paglalakbay sa Kaa'ba ay tinatawag na Ramadan.

______ 3. Tinatawag ng mga Muslim na Allah ang kanilang Diyos.

______ 4. Dapat magbigay sa kawanggawa ang isang Muslim sa pamamagitan ng salat.

______ 5. Ang shahadah ay isang pahayag ng paniniwala ng Muslim kay Allah.


Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.



## Pag-usapan Natin Ito

May alam ka pa bang ibang relihiyon na hindi nabanggit sa mga talakayan? Anu-ano ang mga ito? Anu-ano ang kanilang mga paniniwala at aral? Isulat ang mga ito sa ibaba.

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot ko. Talakayin ito sa iyong kamag-aral at *Instructional Manager*.





1. Judaismo – Ito ang pinakamatandang relihiyon sa kanlurang bahagi ng mundo. Ang mga Hudyo ang tagasunod ng relihiyong ito. Ang mga Hebreo ang kanilang mga ninuno. Naniwala ang mga Hebreo na mayroon silang espesyal na ugnayan sa Diyos. Naniwala din sila na sila ang mga taong hinirang. Ang Torah ang kanilang banal na aklat. Sagrado rin ito sa mga Kristiyano sapagkat kabilang ito sa Lumang Tipan. Ang Talmud, isa pang banal na aklat, ay isang katipunan ng mga batas at kaugalian ng mga Hudyo.

2. Budismo – Itinatag ito ni Siddharta Gautama Buddha. Sa edad na 29, iniwan niya ang kanyang asawa, mga anak at mga gawaing pampulitika upang hanapin ang katotohanan. Isinulat ang katipunan ng kanyang mga aral at tinawag na *Tripitaka*. Naniniwala ang mga Budista sa muling pagkakatawang-tao. Ito ay nangangahulugan ng pagkabuhay at pagkamatay nang paulit-ulit hanggang makamit ng isang tao ang *nirvana* o ang perpektong kalagayan.

3. Hinduismo – Ito ang pangatlong pinakamalaking relihiyon sa mundo. Ang mga tagasunod ng relihiyong ito ay sumasamba sa maraming diyos at diyosa. Subalit kumikilala sila sa isang pinakamakapangyarihang Diyos, si Brahman. Nakikita ang Brahman na may tatlong katauhan: Brahma, ang Tagapaglikha; Vishnu, ang Tagapangalaga, at Siva, ang Tagapagwasak.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo ang mga sumusunod:

- ♦ Ang relihiyon ay ang pagpapahayag ng isang tao ng kanyang paniniwala sa isang makapangyarihang Diyos.
- ♦ Karamihan sa mga Pilipino ay Kristiyano subalit may iba pang mga relihiyon sa Pilipinas. May sari-sariling katipunan ng mga paniniwala at aral ang mga ito.
- ♦ Ang mga Kristiyano ang pinakamalaking grupong panrelihiyon sa Pilipinas. Ang mga Kristiyano ay naniniwala sa mga aral ni Hesukristo.
- ♦ Karamihan sa mga Kristiyano ay naniniwala na:
    - Ang Diyos Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo ay iisa.
    - Ang Bibliya ay isang Banal na Aklat na naglalaman ng wastong paniniwala at aral ng Kristiyanismo. Ito ay binubuo ng dalawang bahagi—ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan.
- ♦ Nahahati sa mga pangunahing sekta o grupo ang Kristiyanismo sa ating bansa. Ito ay ang mga:
    - Katoliko Romano, na ang pinuno ng Simbahan ay ang Papa.
    - Protestanteng hindi itinuturing ang sarili na nakapailalim sa Papa. Itinatag ang kanilang simbahan nang tumutol ang mga pinunong Europeo laban sa mga aral ng Papa noong panahon ng *Repormasyon*.

Nahati-hati sila sa mga sekta, ang ilan sa mga ito'y ang Lutheran, Presbyterian, Methodist, Baptist, Episcopal, Seventh-day Adventist at iba pa.

- Iglesia Ni Cristo – ang pinakamalaking relihiyong nagmula sa Pilipinas.

♦ Ang Islam ang relihiyong itinatag ni Mohammed. Ngunit naniniwala ang karamihan sa mga Muslim na nagsimula ito bago pa man isilang si Mohammed.

♦ Naniniwala ang mga Muslim na:

- Si Mohammed ang propeta o sugo ni Allah.
- Si Allah ang Tanging Tunay na Diyos.
- Ang mga salita at batas ni Allah ay nasusulat sa banal na aklat na Koran.

♦ Inilalarawan sa Limang Haligi ng Islam ang mga tungkulin ng isang Muslim. Ito ay ang mga sumusunod:

- Pagbigkas sa **shahadah** na pagpapahayag ng paniniwala ng isang Muslim kay Allah.
- Pagsasagawa ng **salat** o pananalangin ng limang beses sa isang araw nang nakaharap sa Mecca.
- Pagbibigay sa kawanggawa o **zakat**.
- Pangingilin sa buwan ng **Ramadan**.
- Pagsasagawa ng kahit isa man lamang **hajj** sa Mecca.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang titik ng sagot na tumutugma sa bawat aytem sa patlang bago ang bawat bilang.

______ 1. ang banal na aklat ng mga Muslim

______ 2. isang relihiyong Kristiyano na itinatag ng mga pinunong Europeo noong panahon ng Repormasyon

______ 3. ang pinuno ng pagsamba sa isang moske.

______ 4. ang nagmimisa sa isang simbahang Katoliko

______ 5. ang sentro ng paniniwalang Kristiyano; itinuturing Siyang Anak ng Diyos

______ 6. isang sekta ng Protestante na naniniwala sa muling pagdating ni Kristo at sa kasagraduhan ng Araw ng Pangilin

______ 7. ang simbahang itinatag ni Felix Manalo sa Pilipinas

______ 8. aral ng Kristiyano na iisa ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo

______ 9. ang pangunahing propeta (sugo ng Diyos) ng Islam

______10. ang pinuno ng Simbahang Katoliko

a. Hesukristo
b. Imam
c. Papa
d. Mohammed
e. Koran
f. Sabadista
g. Iglesia ni Cristo
h. Santisima Trinidad
i. Protestante
j. Pari

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

Kumusta ang iyong mga sagot? Nakuha mo ba nang wasto ang lahat ng sagot? Kung tama lahat, napakahusay! Kung hindi, balikan ang mga bahagi ng araling ito na hindi mo naintindihan.

## Aralin 2

# Igalang ang Paniniwalang Panrelihiyon ng Ibang Tao

Nagkaroon na ba ng pagkakataon na naramdaman mong kailangan mong ipaglaban ang iyong mga paniniwalang panrelihiyon? Ano ang iyong ginawa? Kinailangan mo bang makipaglaban upang ipagtanggol ang iyong paniniwala? Mulat ka ba sa mga digmaang sumisiklab dahil sa pagkakaiba sa paniniwalang panrelihiyon? Sadya bang ang labanan ang solusyon upang malutas ang mga pagkakaiba sa mga paniniwalang panrelihiyon?


Sa Mindanao lamang, makikita natin ang masasamang epekto ng alitan ng mga Muslim at mga Kristiyano. Maraming buhay at ari-arian na ang nawala dahil dito.

Sa araling ito, matututuhan mo kung paano harapin ang mga pagkakaiba sa mga paniniwalang panrelihiyon sa mapayapang paraan. Ito ay sa pamamagitan ng pag-unawa at paggalang sa paniniwalang panrelihiyon ng ibang tao. Sa ganitong paraan, mamumuhay kang kasama ang kapwa Pilipino nang mapayapa.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Tukuyin ang mga relihiyon ng mga tao sa larawan batay sa ipinapakita nilang mga paniniwalang panrelihiyon at gawain.






1. ____________________________________________

2. ____________________________________________





3. ____________________________________________

4. ____________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa ating susunod na gawain.



## Pag-isipan Natin Ito

Ipinakikita sa unang larawan ang isang tao na nagbabasa ng Bibliya, ang banal na aklat ng mga Kristiyano. Kung ikaw ay hindi Kristiyano, sasama ba ang iyong loob kung may makita kang nagbabasa ng Bibliya? Kukumbinsihin mo ba siyang magbasa ng Koran sa halip nito?

Ipinapakita sa pangalawang larawan ang isang babaeng Muslim. Hindi pinapayagan ang mga Muslim na kumain ng karne ng baboy. Isa ito sa kanilang mga paniniwalang panrelihiyon. Kung dumalaw sa iyong bahay ang kaibigan mong Muslim, ipaghahain mo ba siya ng adobong baboy? Bakit?

Ipinapakita sa pangatlong larawan ang isang babaeng nagrorosaryo. Isang ugaling panrelihiyon ng mga Katoliko Romano ang pagrorosaryo. Hindi ito ginagawa ng ibang Kristiyano. Kung ikaw ay isang Protestante, hahamakin mo ba ang isang Katolikong nagrorosaryo?


Ipinapakita ng pang-apat na larawan ang dalawang babaeng Sabadista na nagsasaya sa parke. Hinihikayat silang magkaroon ng mga gawaing espirituwal tulad nito. Hindi sila pinapayagang manood ng sine o magdisko. Kung Sabadista ang iyong kamag-aral, kukumbinsihin mo ba siyang manood ng sine nang Sabado?

Ano ang mararamdaman mo kung may nakilala kang isang grupo ng mga taong mula sa ibang relihiyon? Malulungkot ka ba? Pipigilan mo ba silang magpahayag ng kanilang mga paniniwala o magsagawa ng kanilang mga seremonyang panrelihiyon? Alam mo bang may karapatan ang bawat Pilipino na magpahayag ng kanyang paniniwalang panrelihiyon at isagawa ang mga ito?

Pag-isipan ang iyong mga sagot at talakayin ang mga ito sa iyong kamag-aral at *Instructional Manager.*

## Basahin Natin Ito


Sa Aralin 1, nakita mong may magkakaibang relihiyon sina Rosa at ang mga kapwa niya manggagawa ngunit nakapagtatrabaho sila nang mapayapa at nagkakasundo. Nagagawa pa nga nilang makipagkaibigan sa isa't isa. Paano ito nangyayari? Balikan natin sina Rosa at ang mga kapwa niya manggagawa.











## Pag-usapan Natin Ito

Paano nakapagtatrabaho nang mapayapa at nagkakasundo sina Rosa at ang mga kapwa niya manggagawa? Kung ang iyong sagot mo ay dahil nauunawaan at iginagalang nila ang mga paniniwala at gawaing panrelihiyon ng isa't isa, tama ka. Inaayos din nina Rosa at ng kanyang kapwa manggagawa ang mga alitan o problema sa pamamagitan ng pag-uusap nang mapayapa.

Hindi ba magiging maganda kung matututuhan ng lahat na mamuhay ng tulad nina Rosa at ng mga kapwa niya manggagawa? Paano natin ito magagawa? Bilang panimula, maaari mong ibahagi ang mga aral sa iyong mga kapamilya, kaibigan at kamag-anak.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo ang mga sumusunod:

- ♦ Lahat ng tao ay may karapatan na ipahayag at masiyahan sa kanyang mga paniniwala at gawaing panrelihiyon.
- ♦ Maaari mong harapin sa mapayapang paraan ang mga alitang lumilitaw mula sa pagkakaiba sa mga paniniwalang panrelihiyon.
- ♦ Ang pag-unawa at paggalang sa paniniwala at gawaing panrelihiyon ng ibang tao ay nagtataguyod ng mapayapang pamumuhay.
- ♦ Igalang ang paniniwalang panrelihiyon ng ibang tao kahit ang mga ito ay naiiba sa iyong mga paniniwala.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Maglagay ng tsek (4) sa *Oo* kung sumasang-ayon ka sa pahayag at sa *Hindi* kung hindi ka sumasang-ayon.

1. Nakita mo ang kaibigan mong si Soraya. Nakaupo siya sa mga daliri niya sa paa, karaniwang posisyon sa pananalangin ng mga Muslim. Isa kang Kristiyano. Nakaluhod o nakaupo ka kapag nananalangin. Pagtatawanan mo ba kung paano manalangin ang iyong kaibigan?

   ☐ Oo ☐ Hindi

2. Sabik na sabik ka nang panoorin ang pelikula ng iyong paboritong lokal na artista araw ng Sabado. Wala kang ibang kasama kung hindi ang kaibigan mong Sabadista. Makikiusap ka ba sa kanya na samahan kang panoorin ang pelikula?

☐ Oo ☐ Hindi

3. Nangangaral ang isang grupo ng mga tao tungkol sa kanilang mga paniniwala. Ang sinasabi nila ay iba sa mga aral ng iyong simbahan. Mananahimik ka ba at hahayaan mo silang magpahayag ng kanilang mga paniniwala?

☐ Oo ☐ Hindi

4. Nakikipagtalo sa iyo ang isang kaibigan. Sinasabi niya sa iyo na ang aral ng kanyang simbahan ang katotohanan at kung gayon ay ang sa iyo ay mali. Mananatili ka bang mahinahon at mapayapang makikipag-usap sa kanya?

☐ Oo ☐ Hindi

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

Kung tama ang lahat ng iyong sagot, napakahusay! Ito ay nangangahulugan na marami kang natutuhan sa araling ito. Kung hindi, maaari mong basahing muli ang aralin at sikaping mas maunawaan ito.

Natapos na natin ang modyul na ito. Binabati kita! Marami ka bang natutuhan mula dito? Naging kasiya-siya ba ang pag-aaral mo sa modyul na ito?

Upang mas madali mong matandaan ang mahahalagang punto ng modyul na ito, basahin mo ang sumusunod na buod.

## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, natutuhan mo ang mga sumusunod:

- Ang relihiyon ay ang pagpapahayag ng paniniwala ng tao sa isang makapangyarihang nilalang o Diyos.
- Maraming relihiyon sa Pilipinas. May sari-sariling paniniwala at aral ang mga ito subalit nagkakatulad sila sa ilang paraan.
- Ang Kristiyanismo ay nakabatay sa mga aral ni Hesukristo. Siya ay itinuturing ng mga Kristiyano bilang Anak ng Diyos.
- Ang tatlong pangunahing sekta ng Kristiyanismo sa Pilipinas ay ang Katoliko Romano, Protestante at Iglesia Ni Cristo.
- Nahahati-hati ang mga Protestante sa mga sekta o grupo. Ang ilan sa mga grupong ito ay Lutheran, Baptist, Methodist, Episcopalian at Seventh-day Adventist.
- Karamihan sa mga Kristiyano ay naniniwala na:
    - Si Hesukristo ang Tagapagligtas at ang Anak ng Diyos.
    - Ang Bibliya ang Banal na Aklat na naglalaman ng wastong paniniwala at gawaing Kristiyano.
    - Iisa lamang ang makapangyarihang Diyos. (Karamihan sa mga Kristiyano nay naniniwala na kumakatawan ang isang Diyos sa tatlong persona: Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo. Tinatawag na Banal na Sangtatlo ang paniniwalang ito.)

- ♦ Ang Islam ang relihiyong itinatag ni Mohammed. Karamihan sa mga Muslim ay naniniwala na nagsimula ang Islam bago pa man isilang si Mohammed. Ang mga Muslim ang tagasunod ng Islam. Ang mga Muslim ay naniniwala na:
  - Si Mohammed ang propeta o sugo ni Allah.
  - Si Allah ang tanging tunay na Diyos.
  - Ang mga salita at batas ni Allah ay nakasulat sa Banal na Aklat na tinatawag na Koran.
  - Ang mga tungkulin ng isang Muslim ay tinatawag na Limang Haligi ng Islam.
- ♦ Igalang ang paniniwalang panrelihiyon ng ibang tao kahit hindi mo pinaniniwalaan ang mga ito.
- ♦ Ang lahat ay may karapatang ipahayag at masiyahan sa kanyang mga paniniwala at gawaing panrelihiyon.



## Anu-ano ang Natutuhan Mo?

Isulat ang titik ng pinakatamang sagot mula sa kahon.

_____ 1. Ang Kristiyanong aral na ito ay nangangaral na ang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo ay iisa

_____ 2. Siya ang propeta o sugo ni Allah

_____ 3. Sa panahong ito, tumutol ang mga pinunong Europeo laban sa mga aral ng Papa

_____ 4. Siya ang pinuno ng Simbahang Katoliko

_____ 5. Naniniwala ang relihiyong ito sa muling pagdating ni Kristo at sa kasagraduhan ng Araw ng Pangilin (Sabado).

_____ 6. Nahahati ang banal na aklat na ito sa dalawa – ang Luma at Bagong Tipan.

_____ 7. Ito ay naglalarawan sa mga tungkulin ng mga Muslim.

_____ 8. Ito ang pinakamalaking relihiyon sa mundo. Ipinapangaral nito ang mga aral ni Hesukristo.

_____ 9. Sa buwang ito, hindi kumakain o umiinom ng kahit ano ang mga Muslim sa araw.

_____ 10. Nagmimisa ang taong ito sa simbahang Katoliko.

a. Papa
b. Mohammed
c. Banal na Sangtatlo
d. Bibliya
e. Sabadista
f. Limang Haligi ng Islam
g. Kristiyanismo
h. Repormasyon
i. Pari
j. Ramadan

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

Kumusta ang iyong mga sagot? Kung tama lahat, binabati kita! Maaari mo na ngayong pag-aralan ang susunod na modyul.

Kung ang marka na iyong nakuha ay 8 o 9, mahusay! Magbalik-aral sa mga bahagi ng modyul na hindi mo naintindihan.

Kung 7 o mas mababa ang iyong nakuha, kailangan mong pagbalik-aralan ang buong modyul upang higit mo itong maunawaan.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang Alam Mo? *(pp. 2–3)*

**1. (a).** Naniniwala ang karamihan sa mga Kristiyano sa Banal na Sangtatlo – na ang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo ay iisa.

**2. (b).** Ang Islam ang pangalawang pinakamalaking relihiyon sa mundo. Ang Kristiyanismo ang pinakamalaking relihiyon sa mundo. Ang Iglesia Ni Cristo ang pinakamalaking relihiyong nagmula sa Pilipinas.

**3. (a).** Ang relihiyon ay ang pagpapahayag ng isang tao sa kanyang paniniwala sa isang makapangyarihang nilalang Diyos.

**4. (a).** Ang Iglesia Ni Cristo ang pinakamalaking relihiyong nagmula sa Pilipinas.

**5. (a).** Ang Bibliya ang banal na aklat ng mga Kristiyano. Ang Koran ang banal na aklat ng mga Muslim. Naglalarawan ang Limang Haligi ng Islam ng mga tungkulin na dapat gampanan ng mga Muslim.

**6. (b).** Itinatag ang sektang Protestante noong panahon ng Repormasyon.

**7. (a).** Tinatawag na Koran ang banal na aklat ng Islam.

### B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pp. 4–5)*

1. **I.** Ang Koran ang banal na aklat ng Islam o ng mga Muslim.

2. **K.** Napakahalaga para sa mga Kristiyano ang krus. Sumasagisag ito sa ugnayan ng isang Kristiyano kay Hesus.

3. **O.** Ang "Bituin ni David" ang pinakakinikilalang simbolo ng Judaismo. Nakasaad sa alamat ng mga Hudyo na nakipaglaban si Haring David na may ganitong simbolo sa kanyang kalasag.

4. **K.** Ang Bibliya ang banal na aklat ng mga Kristiyano.

5. **I.** Mga tradisyunal na simbolo ng Islam ang buwang hugis suklay at ang bituin (na may kulay berde). Makikita mo ang mga simbolong ito sa maraming bansang Muslim. Ang bituin ay kumakatawan sa kaalaman at liwanag at ang buwang hugis suklay naman ay kumakatawan sa pag-unlad.

6. **O.** Ang OM ang pinakamahalagang simbolo sa Hinduismo. Ito ang simbolo sa ibabaw ng alpabetong Sanskrit. Kumakatawan ito sa Diyos na Makapangyarihan.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 13)*

| | **Katoliko Romano** | | |
|---|---|---|---|
| 1. Paniniwala kay Hesukristo at sa kanyang mga aral | 4 | 4 | 4 |
| 2. Ang Bibliya ay itinuturing na banal na aklat | 4 | 4 | 4 |
| 3. Paniniwala sa Banal na Sangtatlo | 4 | 4 | 8 |
| 4. Mga babaeng pari | 8 | 4 | 8 |
| 5. May mga serbisyong panrelihiyon | 4 | 4 | 4 |

*Magbalik-aral Tayo (pahina 19)*

1. **T**
2. **M** Ang paglalakbay sa Kaa’ba ay tinatawag na hajj. Ang buwan ng Ramadan ay panahon ng pangingilin ng mga Muslim (hindi sila kumakain o umiinom ng kahit ano sa araw).
3. **T**
4. **M** Ang isang Muslim ay dapat magbigay sa kawanggawa sa pamamagitan ng zakat. Ito ay katumbas ng dalawa’t kalahating porsyento ng sahod ng isang Muslim.
5. **T**

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 23)*

1. **(e).** Ang Koran ang banal na aklat ng mga Muslim.
2. **(i).** Ang sektang Protestante ay itinatag noong panahon ng Repormasyon.
3. **(b).** Ang pinuno ng pagsamba sa loob ng moske sa relihiyong Muslim ay tinatawag na Imam.
4. **(j).** Sa Simbahang Katoliko Romano, ang pari ang nagmimisa.
5. **(a).** Si Hesukristo ang sentro ng paniniwalang Kristiyano. Siya ay itinuturing na Anak ng Diyos.
6. **(f).** Ang Sabadista ay isang sektang Protestante na naniniwala sa muling pagdating ni Kristo at sa kasagraduhan ng Araw ng Pangilin.
7. **(g).** Si Felix Manalo ang nagtatag ng Iglesia Ni Cristo sa Pilipinas.
8. **(h).** Ang Banal na Sangtatlo ay nangangahulugan na ang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo ay iisa.
9. **(d).** Si Mohammed ang pangunahing propeta ng Islam.
10. **(c).** Ang Papa ang pinuno ng Simbahang Katoliko.

## C. Aralin 2

*Alamin Natin ang iyong mga Natutuhan (pp. 29–30)*

1. **Hindi.** Ang pagtawa sa mga gawaing panrelihiyon ng ibang tao ay nagpapakita ng di-paggalang.
2. **Hindi.** Ang Sabado ay isang banal na araw para sa mga Sabadista. Hinihikayat sila na gugulin ang araw na ito sa pagpupuri sa Diyos.
3. **Oo.** Isang magandang gawain ang hayaan ang iba na masiyahan at isagawa ang kanilang mga paniniwalang panrelihiyon.
4. **Oo.** Ang pagiging mahinahon at pag-uusap nang mapayapa ang pinakamahusay na paraan upang harapin ang mga kaibahan sa paniniwalang panrelihiyon.

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 33)*

1. **(c).** Ang Banal na Sangtatlo ay isang Kristiyanong aral na nagsasabi na ang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo ay iisa.
2. (**b**). Si Mohammed ang propeta o sugo ni Allah.
3. **(h).** Sa panahon ng Repormasyon, tinutulan ng mga pinunong Europeo ang mga aral ng Papa.
4. **(a).** Ang Papa ang pinuno ng Simbahang Katoliko.
5. **(e).** Ang Seventh-Day Adventist ay naniniwala sa muling pagdating ni Kristo at sa Kasagraduhan ng Araw ng Pangilin (Sabado).
6. **(d).** Ang Bibliya ay nahahati sa dalawa – ang Luma at Bagong Tipan.
7. **(f).** Ang Limang Haligi ng Islam ay naglalarawan sa mga tungkuling dapat tuparin ng mga Muslim.
8. **(g).** Ang Kristiyanismo ang pinakamalaking relihiyon sa mundo. Ipinapangaral nito ang mga aral ni Hesukristo.
9. **(j).** Sa buwan ng Ramadan, hindi kumakain at umiinom ng kahit ano ang mga Muslim sa araw.
10. **(i).** Nagmimisa ang pari sa Simbahang Katoliko.

## Talahuluganan

**Banal na Eukaristiya** Gawaing Kristiyano na kumikilala sa espirituwal na pakikipag-isa sa Diyos, na kinakatawan ng pagtanggap ng ostiya o tinapay

**Muling Pagkakatawang-tao** Sa Hinduismo, ito ang paulit-ulit na pagkamatay at pagsilang hanggang makamit ng isang tao ang nirvana.

**Pagpapakasal** Ang pagbubuklod ng lalaki at babae bilang mag-asawa

**Pagsamba** Pagbibigay-galang at debosyon sa isang makapangyarihang nilalang

**Sekta** Isang grupong panrelihiyon na sumasang-ayon sa isang partikular na aral o pinuno

**Tagapamagitan** Taong tumutulong sa pagkakasundo ng dalawang panig

## Mga Sanggunian

General Conference of Seventh-day Adventists. 2001 <http://www.adventist.org/beliefs/index.html> June 21, 2001, date accessed.

Mike Dowling. 2001.Christianity. <http://www.mrdowling.com/605-christianity.html> June 21,2001, date accessed.

Ontario Consultants on Religious Tolerance. 1995 to 2001. <http://www.religioustolerance.org> June 21, 2001, date accessed.

Sunil Balasubramaniam. 1997. Hinduism, the World's Oldest Religion. <http://www.geocities.com/Athens/Forum/9410/hindu1.html> June 22, 2001, date accessed.

The Trinity <http://www.catholic-defense.com/trinity.htm> May 31, 2001, date accessed.